Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 111-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA TAGAPAMAHALA, MANILA ELECTRIC COMPANY, SANGAY NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAKABITAN NG ILAW ANG LAHAT NG MGA POSTENG HINDI NAIILAWAN NA SAKOP NG INYONG PAGLILINGKOD SA MAY 26 NA BARANGAY NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng mga mamamayan sa bayang ito ang higit na binibigyan ng pansin ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T,* laganap ang pag-iral ng mga kasamaan na kung pababayaan ay hahantong sa pagkasira sa magandang imahen ng bayang ito;

*SAPAGKA'T,* maraming mga poste ng Meralco sa mga barangay na sakop ng bayang ito ang mistulang nakatayo na lamang at di naiilawan o kaya ay pundido at di gumagana;

*SAPAGKA'T,* kailangang maiayos ang mga ito upang matamo ang isang maayos na paglilingkuran para sa kapakanan ng pamayanan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Tagapamahala, Manila Electric Company, Sangay ng Santa Cruz, Laguna na makabitan ng ilaw ang lahat ng mga posteng hindi naiilawan na sakop ng inyong paglilingkod sa may 26 na barangay ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Meralco, Sangay ng Santa Cruz, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan